

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
20

## Mga sagot sa Pagpili ng tamang pangatnig

*Panuto:* Isulat ang pangatnig na bubuo sa pangungusap. Pumili sa mga pangatnig sa kahon.

subalit	kaya	dahil	bagama't	habang	kapag	para
upang	samantalang	o	at	kasi	kung	ngunit
at	nang	kahit	hanggang	bago	sapagkat	

1. Sa panahon ng krisis, tumataas ang presyo ng mga bilingin at ang bayad sa kuryente.
2. Hindi ako nakatulog kagabi dahil/kasi/sapagkat masyadong maingay ang aking kapitbahay.
3. Magsasanay ako tuwing hapon para/upang gumaling ako sa pagtugtog ng piyano.
4. Mahimbing pa rin ang tulog ni Juan bagama't/kahit napakalakas ng tilaok ng mga manok sa kanyang bakuran.
5. Pagod na si Carlo subalit/ngunit hindi siya makatulog.
6. Si Patrick ang titingin sa mapa habang nagmamaneho si Gary.
7. Maaari tayong tumawid kapag/kung berde na ang ilaw.
8. Alin dito ang dadalhin mo bukas, ang itim na pantalon o ang bagong maong?
9. Lapis, pambura at pantasa lang ang kailangan kong dalhin sa pagsusulit.
10. Magaling siya maglaro ng basketbol subalit/ngunit mas gusto niya ang paglalangoy.
11. Basa ang sahi ng pasilyo kaya nadulas ang bata.
12. Umiiyak ang bata dahil/kasi/sapagkat tinutukso siya ng mga kalaro niya.
13. Naglaro kami ng basketbol sa labas hanggang tinawag kami ni Tatay.
14. Nagising si Marco nang tumilaok ang manok.
15. Bago natulog ang mga anak niya, nagbasa siya ng kuwento para sa kanila.
16. Sasama ako sa inyo manood ng sine kapag/kung papayagan ako ni Nanay.
17. Marami ang kakainin ko para/upang hindi ako magutom sa mahabang biyahe.
18. Pinagalitan ang mga mag-aaral bagama't/kahit hindi sila ang nagsimula ng away.
19. Wala kang ginagawa diyan samantalang kanina pa abalang-abala sa pagluluto ang nanay mo.
20. Maghanda na tayo ng mga kandila at baterya para sa plaslayt dahil/kasi/sapagkat malapit na ang bagyo.